**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES**
DILIMAN QUEZON CITY
VOIP TRUNKLINE: 8981-8500 LOCAL: 2558; 2556
DIRECT LINE: (632) 8981-8505, (632) 8981-8506
(632) 8981-8508
E-MAIL: chancellor.updiliman@up.edu.ph

**OFFICE OF THE CHANCELLOR**

16 Enero 2026

MEMORANDUM BLG. ECLV-26-003

Para sa : Mga Bise-Tsanselor, Dekano, Direktor, at Tagapamuno ng mga Tanggapan ng UP Diliman (UPD)
Mga Opisina, Kolehiyo, Linangan, Paaralan, Kaguruan, REPS, Kawani, Organisasyong Pangmag-aaral, ng UPD
Mga Mag-aaral, Guro, Kawani, at Lahat ng Miyembro ng Komunidad ng UPD

Paksa : UP Diliman Arts and Culture Festival 2026: *Isang Unibersidad para sa Inklusibo at Mapagkalingang Lipunan*

---

Inaanyayahan ang lahat na aktibong makilahok sa mga magaganap na proyekto at pagtatanghal na bahagi ng UP Diliman Arts and Culture Festival 2026 na may temang *Isang Unibersidad para sa Inklusibo at Mapagkalingang Lipunan.* Magbubukas ang Festival sa Pebrero 5, 2026, 9:00n.u. sa pamamagitan ng *Peryahang Diliman* na itatayo sa harap ng UP Carillon Plaza.

Ito ay susundan ng isang kalendaryong hitik sa mga kaganapan sa buwan ng Pebrero na inihanda ng UP Diliman Opisina para sa Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (UPD-OICA), at iba't ibang yunit, opisina, at organisasyong pangmag-aaral sa UP Diliman. Kasama dito ang espesyal na pagtatanghal ng *Tales of the Manuvu* ng Alice Reyes Dance Philippines sa Pebrero 27 at 28 sa UP Theater na inihahandog ng UP Opisina ng Presidente.

Ihahain sa Festival ngayong taon ang iba't ibang uri ng kaalaman, kagawian at pagkakalinalan, kasama ang mga pamamaraan ng pagpapahalaga at pagpapalaganap ng mga ito. Ito ay dahil nilalayon ng Festival na maisaloob natin ang tunay na diwa ng pagkalinga, hindi lang para sa ating sarili at sa kinabibilangan nating mga komunidad, kundi pati na para sa mga taong itinuturing nating 'iba'.

Ang tema ng Festival ay hango sa mga hangarin ng *United Nations Sustainable Development Goal 16: Peace, Justice, and Strong Institutions.* Bilang pangunahing institusyong pang-akademiko sa ating bansa, inuudyok ang buong komunidad ng UP Diliman na kumilos at lalong pang patatagin ang mga inisyatibong gumagalang at pinagdiriwang ang ating pagkakaiba-iba, na siyang susi upang makamit ang makabuluhang pagbabago sa ating lipunan.

Nakalakip ang poster ng Festival kung saan nakasaad ang iba't ibang proyektong nakapaloob dito. Para sa buong konsepto at ibang detalye tungkol sa mga kaganapang nakapaloob sa UPD ACF 2026, pumunta lamang sa link na ito: bit.ly/UPDACF2026 o i-scan ang QR code sa ibaba.

Para sa mga update tungkol sa UPD ACF 2026, bisitahin ang iba't ibang social media account ng UPD-OICA:

- Facebook - https://www.facebook.com/updoica
- Twitter - https://www.twitter.com/updoica
- Instagram - https://www.instagram.com/updoica
- Youtube - https://www.youtube.com/c/UPDOICA
- TikTok - https://www.tiktok.com/@updoica

#UPDACF2026
#InklusibongUnibersidad
#MapagkalingangLipunan
INSERT HASHTAGS HERE

Maraming salamat.

EDGARDO CARLO L. VISTAN, II
Chancellor